

Dalawang pasilidad pang-isports bubuksan

宮前スポーツセンター及びフットサルスタジアムについて

229

Dalawang bagong sports facilities ang bubuksan nitong buwan ng Abril sa Miyamae Ward ng Kawasaki.

☆ **Ang Miyamae Ward Sports Center** ay itinayo upang makatulong sa pag-improve ng kalusugan ng bawat mamamayan tungo sa malakas at matatag na pangangatawan. Ang katangian ng pasilidad na ito ay ang pagkakaroon ng koneksyon nito sa Inukura Junior High School. Upang i-promote ang kahalagahan ng isyu tungkol sa kapaligiran, ito ay ginamitan ng solar power panels at tinaniman ng mga luntiang halaman sa taas ng gusali ng pasilidad. Nagtagumpay ang pagpapatayo nito sa tulong ng mga mamamayang nagsagawa ng iba't-ibang workshops at miting. At tungkol naman sa pagpapatakbo nito at para sa mas higit pang makapanilbihan sa mamamayan ang sports center, inaanyayahan ang ideya ng lahat tumawag sa Miyamae Ward Sports Center, Sports Division ng Education Committee: 044-200-3312.

☆ **Ang Futsal Stadium:** Ito at pinatayong muli mula sa dating Saginuma Swimming Pool. Itinatag at pinamamahalaan ito ng Kawasaki Frontale. Ito ay may 6 courts na gawa sa artipisyal na damo at ito ay may pasilidad na buo ng kagamitan tulad ng clubhouse na may banyo, kubeta at bihisan, pahingaang at iba pa. Inaasahan ding magagamit ito para sa mga paaralan para sa pagsasanay ng soccer at pagdarausan ng klase dito sa Futsal Stadium. Maaari ding gamitin ng mga local na komunidad para sa pagsasanay ng mga isports sa kani-kanilang mga aktibidades. Kontakin lamang ang numerong: 044-200-3182 ng Managing and Planning Section of the Water Works Bureau.

230



HP para sa pampublikong paliguan

銭湯についてのホームページ開設について

Kawasaki Sento Dotto Komu ang titulo o pamagat ng HP.

Ang Homepage na ito ay nagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa SENTOU o pampublikong paliguan na kung saan ito ay binuo at itinatag ng Kawasaki Public Baths Association noong bandang huli ng nakaraang taon.

Ang **Kawasaki Sento Dotto Komu** itinatag ito upang bigyan ang mga mamamayan ng impormasyon gaya ng mga address, at detalye ng bawat paliguang pampubliko na may 83 lugar dito sa Kawasaki. Matutunghayan din dito ang mga lumang larawan at kagamitan, timbangan at lalagyan ng bihisang damit, nakatala rito ang mga impormasyon tungkol sa ibentong gaganapin sa mga pampublikong paliguan.

Sa corner naman ng “kawara-ban” (lumang istilo ng pagbabalita), may bahagi ito kung saan matutunghayan ang iba't-ibang istilo ng pagkasulat (kaligrapiko) ng mga namamahala ng pampublikong paliguan noong unang panahon hanggang sa ngayon.

Sa mga baguhang ni minsan ay hindi pa nakasubok gumamit ng pampublikong paliguan, may mga illustrations kung papaano ang tamang paraan ng paggamit, kaugalian at mga dapat pag-ingatang bagay ukol sa paliguang pampubliko.

Mapapansin ang pagbaba ng bilang ng mga paliguan nitong mga nakaraang taon sa kadahilanang karamihan sa mga kabahayan ay naging pangkaraniwan na ang pagkakaroon ng sariling paliguan kung kaya't patuloy ang pagbabawas ng bilang ng mga paliguan. Noong taong 1994, may mga 133 bilang ng paliguan, samantalang nitong nakaraang 10 taon, limampu (50) na ang nagsara.

Inaanyayahan ang lahat na tunghayan ang home page ng paliguan at subukang maranasan ang paglilibang sa malawak na bath tubs bilang isa sa mga kulturang hapon.

Ang pinakamalapit na paliguan sa inyong lugar ay matatagpuan sa homepage:
<http://www.kawasaki1010.com/>

Kasayahan sa Nakahara

231

「中原ライブ」開催について



Ang Nakahara Live “In Unity” ay gaganapin sa lugar ng Epoch Nakahara mula ika-1:00 ng hapon sa araw ng Linggo March 5. Ang “In Unity” ay isa sa natatanging ibentong pagtatanghal ng musika sa Siyudad ng Kawasaki. Ito ay binuo at pinlano ng mga tagapamahala kung saan magtatanghal ang iba’t –ibang performers na naninirahan at naghahanapbuhay o naga-aral sa loob ng Siyudad ng Kawasaki. Ang konsiyertong “In Unity” ay pampitong taon ng pagtatanghal ngayong taon, sa tulong ng 20 miyembro ng tagapamahala at binubuo ng 270 katao mula sa mag-aaral ng elementarya hanggang sa mga nakatatanda ang mag-tatanghal sa entablado. Ang mga ito ay mula sa mga napiling magtatanghalng sayaw, awit na magbibigay ng apila sa mga tao, sa ano mang edad at hilig sa musika.

Ang natanging pagtatanghal ay gaganapin ng grupong nagmumula sa labas ng Kawasaki kung saan ang mga ito ay napili/nagwagi sa entrance competitions upang matanggap sa “In Unity” Isa pa sa mga grupong ito ay pagtatanghal ng grupong nagwagi para sa “In Unity” at ang nagwagi ng “Music Town Kawasaki” mula sa Music Contest ng November noong nakaraang taon. Inihanda rin ang grupo ng gospel chorus kung saan ito rin ay nagwagi ng lumipas na taon.130 kataong miyembro ang magtatanghal ng tatlong awit kung saan pinangungunahan ng conductor na nangakong pagbutihin pa ang kanilang performance. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Nakahara Live, tumawag sa 044-744-3324 sa “In Unity” Committee Bureau ng Local Area Promotional Section ng Nakahara ward office.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdigang ng Kawasaki

★ Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdigang ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/